Department for Levelling Up, Housing & Communities

**Rt Hon Michael Gove MP**
*Secretary of State for Levelling Up, Housing and Communities*
*Minister for Intergovernmental Relations*

***Department for Levelling Up, Housing and Communities***
4th Floor, Fry Building
2 Marsham Street
London SW1P 4DF

**Email:** GrenfellTowerSite@communities.gov.uk
**Phone:** 0303 444 0011

Disyembre 17, 2021

Mga minamahal na pamilya,

Sana ay mabuti ang iyong lagay.

Sa mga kamakailang buwan, nakipagpulong ako sa mga nagluluksang pamilya, survivor, at mga kinatawang grupo, at ibinahagi ko ang aking repleksyon sa inyong lahat sa aking liham noong Nobyembre 4. Nais kong sumulat muli sa inyo tungkol sa mga susunod na hakbang.

Narinig ko mismo sa mga pinakanaapektuhan na **hindi ngayon ang pinakamainam na panahon para magpasya sa hinaharap ng Grenfell Tower**. Isa sa mga feedback ang masyadong mabilis na mga konsultasyon hanggang kasalukuyan at hindi sapat ang panahong ibinigay sa lahat para maibahagi nila ang kanilang pananaw. Bilang paggalang sa mga taong sa palagay nila ay hindi pa nila kayang ibahagi ang kanilang opinyon, marapat lang na bigyan pa sila ng panahon para dito. Sa mga nagbahagi na ng kanilang pananaw, tanong, o alalahanin, salamat sa inyo. Asahan ninyo na isasaalang-alang pa rin ang mga pananaw na ito at hindi ninyo kailangang magsumiteulit, pero maaari ninyo itong gawin.

**Nagpasya ako na ipagpatuloy ang ligtas na pagtatrabaho sa tower alinsunod sa payong engineering (inilathala noong Mayo) para matiyak ang katatagan hanggang sa makapagpasya. Magbibigay-daan ito na magkaroon ng higit pang oras upang makaupsap o marinig kayo tungkol sa hinaharap ng tower**. Nais kong marinig ang maraming iba't ibanag boses, at makakatulong ang mga pag-uusap na ito na matukoy kung kailan o paano kahaharapin ang isang pasya. Kasabay nito, tutukuyin ko rin ang iba pang mahalagang isyu at alalahanin na inihayag ninyo. Partikular na ang:

- karagdagang hiwalay na pagsusuri sa payong engineering upang matiyak ang katapatan at linaw tungkol sa kasalukuyang kondisyon ng tower
- paanong mahalagang bahagi ng paglalakbay ang hustisya at ang anumang posibleng dekonstruksyon ng tower bago matapos ang Pagtatanong o mga imbestigasyon ng pulis ay hindi nakakaapekto sa imbestigasyon o Pagtatanong. Bilang bahagi ng aking mga susunod na hakbang, ipagpapatuloy ko ang pakikipagtulungan sa mga ahensya ng hustisya upang bigyan kayo ng higit na katiyakan tungkol dito.

Hiniling ko na sa aking mga opisyal na **makipagtulungan sa inyo at gamitin ang lahat ng available na channel upang makatulong na makabuo ng tugon sa engagement na mas makakapagbigay-daan sa lahat na ibahagi ang kanilang mga pananaw.**

Muli akong susulat sa inyo sa simula ng susunod na taon kalakip ng mga detalye ng kung ano ang iyong aasahan sa engagement na ito, at tungkol sa iba't ibang paraan kung paano kami makikipag-usap sa inyo, at higit pang detalye sa kung paano isinasaalang-alang ang iyong mga pananaw.

Nauunawaan ko na may maraming pananaw sa tower ang mga namatayan, survivor, at residente tungkol sa tower at na para sa ilan sa inyo, hindi magandang balita ang pagtatagal nito. Mananatili kayong mahahalagang boses sa pag-uusap tungkol sa mangyayari sa tower sa hinaharap. Nais kong tiyakin sa inyo na maaaring magpatuloy nang walang takot ang mga naninirahan, nagtatrabaho, o nag-aaral malapit dito. Bagama't sirang istruktura ang tower at patuloy na lalala ang kondisyon niyo sa paglipas ng panahon, ang mga hakbang na isinagawa namin hanggang sa ngayon, gaya ng pagtataklob sa tower at paglalagay ng mga karagdagang prop, ay para mapanatiling matatag at secure ang tower. Ang isinasagawang patuloy na pagsubaybay ay nangangahulugan na, kung magbabago ito, magagawa naming makipag-ugnayan sa anumang pagbabagong kailangan kaagad.

Nais kong muling ipahayag ang gma prinsipyong nilagdaan noonog 2018, na nagtakda sa pagtugon ng pamahalaan sa paglalagay sa komunidad sa gitna ng pagtukoy ng wastong memorial sa site, kasabay ng kung paaano tutukuyin at gagawin ang mga pasya sa hinaharap tungkol sa Grenfell Tower. Kabilang dito ang mga pasya sa pamamahala sa site at anumang pasya sa pag-aalis sa tower ay isasapriyoridad ang kaligtasan at seguridad ng site at kasalukuyang mga imbestigasyon ng pulis at Pagtatanong. Ito ay upang matiyak na hindi maaapektuhan ng mga pasya ang mga proseso ng hustisyang pangkrimen o proseso ng pagtatanong. Ang pakikipag-ugnay tungkol sa mahalagang isyu na ito ay dapat na may konsiderasyon at ganap na nirerespeto ang kahalagahan ng Grenfell Tower para sa mga naulilang pamilya, survivor, at lokal na komunidad. Wala akong pag-aalinlangan na muling pagtibayin ang posisyong ito bilang isang wasto at tumpak na gabay para sa mga pagkilos ng pamahalaan ngayon, tulad ng kung paano ito noong 2018.

Nauunawaan ko na maaaring mahirap ang anumang pag-uusap tungkol sa hinaharap ng Grenfell Tower. Kung nais ninyong makipag-usap sa isang tao, ang Serbisyo sa Kalusugan at Kapakanan ng Grenfell ay isang libre at kumpidensyal na serbisyo ng NHS para sa mga bata at nasa hustong gulang. Matatawagan mo sila sa **020 8637 6279**, email **grenfell.wellbeingservice@nhs.net** o bisitahin ang **grenfellwellbeing.com.**

Muli, nais kong pasalamatan ang mga naglaan ng oras upang makipagpulong sa akin sa nakaraang dalawang buwan. Ako ay lubos na nagagalak sa mga personal na kwento, katapatan, at patuloy na pagtugon sa hustisya na walang sawang ipinapakita ng komunidad na ito. Nakikiramay at hiling ko ang kaginhawaan para sa inyo at iyong pamilya sa gitna ng apat at kalahating taong anibersaryo ng trahedya at paparating na panahon ng pagdiriwang. Inaasahan kong makapulong kayong muli sa bagong taon.

**Sumasainyo sa bawat mabuting hangarin,**



**Rt Hon Michael Gove MP**
**Secretary of State for Levelling Up, Housing and Communities**
**and Minister for Intergovernmental Relations**